## **SUPORTADONG PABAHAY**
## SA VANCOUVER

# East King Edward sa Knight Street



1406 at 1410 East King Edward Avenue

*Marso 2021*

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Pangkalahatang Ideya

- Pag-uunawa sa kawalan ng tirahan
- Ang pangangailangan para sa ganitong pabahay sa Vancouver
- Paano makakatulong ang ganitong pabahay sa mga taong nangangailangan
- Ang panukala para sa mga tahanang may mga suporta sa East King Edward
- Lumilikha ng malugod sa pagtanggap at pagsasama na mga komunidad
- Proseso at susunod na mga hakbang

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Pag-uunawa sa kawalan ng tirahan



# Kailangan ang isang komunidad upang malutas ang kawalan ng tirahan






# Pagtutulong sa mga taong nangangailangan

Hindi pare-pareho ang mga taong nanganganib sa o nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Sila ay maaaring mga kabataan, mga nakatatanda, mga taong may mga kapansanan, at sinumang nakaranas ng trauma, kahirapan, o nahihirapan sa mahal na pabahay.

Nangangailangan ang bawat tao ng natatanging kumbinasyon ng mga serbisyo at mga programa upang masuportahan ang kanilang kalusugan at kagalingan.




BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Ang mga tahanang may mga suporta ay nakakatulong sa pagbuo ng mga ligtas at magkakasamang mga komunidad para sa lahat

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng masisilungan ang mga tao, nababawasan ang mga taong nagsusumikap na mabuhay. Kapag pinili ng isang tao na tumira sa suportadong pabahay, sila ay:

- may kumportable at ligtas na lugar na matatawag na tahanan
- may akses sa mga pangangailangan sa pamumuhay tulad ng pagkain, banyo, at labahan
- makapagsisimulang gumaling mula sa pinsala na dulot ng pamumuhay sa lansangan
- pinatitibay ang mga koneksyon sa komunidad



# Orca Place

Panoorin kung paano tinanggap ng isang komunidad ang isang bagong gusali ng suportadong pabahay sa Parksville, BC.

Orca Place
Suportadong Pabahay sa Parksville





# Ang pangangailangan para sa suportadong pabahay sa Vancouver

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Nangangailangan ang Vancouver ng suportadong pabahay

Nakakaranas ng krisis sa pabahay ang Vancouver at mahigit sa 2,000 tao sa buong lungsod ang nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Patuloy na itinuturing na pangunahing prayoridad ng BC Housing at ng Lungsod ng Vancouver ang pagtatayo ng mga kumportable at ligtas na tahanang may mga suporta para sa mga taong nakakaranas ng o nanganganib ng kawalan ng tirahan sa ating mga komunidad.




BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER

# Ang kuwento ni Cliff tungkol sa kawalan ng tirahan



Si Cliff ay napinsala at hindi na nakakapagtrabaho. Dahil wala siyang kita, nawala ni Cliff ang kanyang tahanan at humantong sa pagtira sa lansangan sa loob ng pitong buwan.

“Mahirap magtrabaho kapag wala kang bahay. Hindi mo alam kung saan ka makarating sa susunod na araw. Walang kasiyahan sa pagiging-walang tahanan at laging dala dala ang lahat ng iyong mga gamit”

Ang sitwasyong ito na nagdala sa isang tao sa kawalan ng tirahan ay maaaring mangyari kaninuman.

Mula nang lumipat si Cliff sa suportadong pabahay, kaya na niyang supportahan ang sarili niya sa ano mang pera meron sya. Mayroon siyang akses sa kawani ng suporta, sa mga pagkain at nakatanggap ng tulong sa kanyang resume. Nagsimula na si Cliff maghanap ng trabaho at nagboboluntaryo ng ilang araw sa isang linggo sa kanlungan kung saan siya tumira nang wala siyang bahay upang makapagbalik ng serbisyo sa komunidad.



"Hindi kailanman naging mas malaki ang pangangailangan ng pabahay na may mga suporta para sa mga taong nakakaranas o nanganganib sa kawalan ng tirahan sa Vancouver. Para sa isang taong nakatira sa lansangan, o sa hindi matatag na pabahay, ang pagkakaroon ng isang kumportable at ligtas na lugar na taawagin na tahanan ay panligtas-buhay. Ang suportadong pabahay ay nag-aalok ng karagdagang benepisyo na maikonekta nang direkta ang mga tao sa tulong na kailangan nila."

*– XXXXX*



BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Paano makakatulong ang ganitong pabahay sa mga taong nangangailangan

# Suportadong Pabahay:

# Isang mahalagang koneksyon sa mga programa at mga serbisyo






BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Paano pinamamahalaan ang mga programa sa suportadong pabahay

Ang lahat ng mga programa sa suportadong pabahay ay pinamamahalaan ng mga non-profit na operator sa pabahay na may propesyonal na karanasan sa pamamahala ng gusali at kadalubhasaan sa pagbibigay ng pinasadyang suporta na isinagawa upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng bawat residente.

Pinili ng lahat ng residente sa suportadong pabahay na tumira roon, magbayad ng renta, at nagagawa nilang ma-akses ang mga suportang ibinibigay ng mga non-profit na operator sa pabahay, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang programang nakabatay sa komunidad.



# Ang kuwento ni Tamara

Panoorin ang kuwento kung paano binago ng suportadong pabahay ang buhay ni Tamara.



BC HOUSING CITY OF VANCOUVER



# Ang panukala para sa mga tahanang may suporta sa East King Edward Avenue

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER

# Mga bagong kumportable at ligtas na tahanang may suporta sa East King Edward sa Knight Street

- Aabutin ng 12 palapag ang bagong gusaling iminumungkahing itayo sa 1406 at 1410 East King Edward Avenue at mag-aalok ito ng humigit-kumulang 90 studio na tahanan na may mga suporta para sa mga nasa hustong gulang na walang asawa, nakatatanda, at mga taong may mga kapansanan na nakakaranas ng o nanganganib sa kawalan ng tirahan sa lokal na komunidad.
- Ang lahat ng yunit ay magiging studio apartment na may sariling banyo at kusina
- Ganap na maa-akses ang hindi bababa sa 5% ng mga tahanan
- Magkakaroon din ng mga amenidad sa gusali tulad ng labahan, kainan, lugar para sa programa, at isang underground na paradahan





BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER


# Lokasyon ng proyekto sa East King Edward Avenue at Knight Street






BC HOUSING CITY OF VANCOUVER

# Plano ng lugar ng East King Edward Avenue at Knight Street






BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Halimbawa ng isang suportadong pabahay na studio na tahanan sa Vancouver







BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Lumilikha ng malugod sa pagtanggap at pagsasama na mga komunidad

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER





# Pagsusuporta sa tagumpay ng iminumungkahing gusali

“Naging bahagi kami ng pagbubukas ng maramihang mga gusali ng suportadong pabahay sa Vancouver at palagi kaming humahanga sa paraan ng pagsasama-sama ng komunidad upang tanggapin ang kanilang mga bagong kapitbahay. Nakita na namin ang maraming iba't ibang mga ideya: mga pasalubong na basket, paghahatid ng pagkain at mga libreng pass sa lokal na sentro ng komunidad para sa mga bagong residente. Ang bawat pagkilos, malaki man o maliit, ay malayo ang mararating upang maging komportable ang bagong residente.”

– *Julie Roberts, Community Builders Group*

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER









# Pagsuporta sa tagumpay ng iminumungkahing gusali

Baaad Anna's—isang tindahan ng pagni-kniting sa Vancouver—ay nilalayong magbigay ng isang pampainit na item na gawa sa kamay sa bawat bagong residente sa suportadong pabahay na binuksan ng Lungsod ng Vancouver sa nakaraang dalawang taon.

Iyon ay halos 400 mga item na gawa sa kamay upang gawing kumportable ang mga bagong residente sa kanilang mga tahanan.



# Proseso at mga susunod na hakbang



# Mga oportunidad para sa opinyon ng komunidad

Sa pamamagitan ng proseso ng pagpapaunlad ng Lungsod ng Vancouver, nais naming makatanggap ng feedback mula sa komunidad tungkol sa mga sumusunod na aspeto ng proyekto, kabilang ang:

- Mga elemento sa disenyo ng gusali at ng lugar, tulad ng mga pagpapailaw at landscaping
- Lokal na representasyon para sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad
    - Kung maaprubahan ang mga bagong tahanang ito, isang CAC ay maitatatag kasama ang mga miyembro ng komunidad at kasosyo sa proyekto upang mapanatili at mapadali ang pagbabahagi ng impormasyon sa sandaling nakumpleto ang proyekto
- Mga ideya kaugnay ng pagsuporta sa tagumpay ng iminumungkahing proyekto

*Tulad ng anupamang pagpapaunlad sa Vancouver, hindi ginagamit bilang batayan ang impormasyon tungkol sa mga maninirahan sa gusali sa hinaharap tulad ng kanilang lahi, kasarian, antas ng kita, mga pribadong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, o sekswal na oryentasyon sa pagpapasya ng Konseho ng Lungsod kaugnay ng pag-apruba sa isang lugar.*

BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER

# Pagsusulong sa East King Edward Avenue at Knight Street

| Marso 2021 | Marso 2021 | Tagsibol 2021 | Tag-araw 2021 | Taglagas 2021 | Taglagas 2021 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| MGA PAKIKIPAGTALAKAYAN SA NEIGHBORHOOD | PANAHON PARA SA PAGKOMENTO NG PUBLIKO | APLIKASYON PARA SA PAG-REZONE NA ISINUMITE SA LUNGSOD NG VANCOUVER | OPEN HOUSE NG KOMUNIDAD NG LUNGSOD NG VANCOUVER (ONLINE) | PAMPUBLIKONG PAGDINIG | PAGPAPASYA NG KONSEHO NG LUNGSOD NG VANCOUVER KAUGNAY NG PAG-APRUBA SA PROYEKTO | Kung maaprubahan, sisimulan ang konstruksyon sa kalagitnaan ng 2022. |

*Ang mga petsa sa timeline ay tinataya at maaaring magbago.*



BC HOUSING

CITY OF VANCOUVER



# Mga katanungan at komento



Bumisita sa **Let's Talk Housing BC** na website:
letstalkhousingbc.ca/vancouver-king-edward

Isumite ang mga pagtatanong sa pamamagitan ng:

- Email sa communityliaison@bchousing.org
- Pagtawag sa Community Liaison sa 604-829-9321, Lunes hanggang Biyernes 9n.u. hanggang 4 n.h.